
Wika ng mga Dipolognon: Ang Bagong Bihis ng Filipino Slang

DAISY P. RUIZ, MA
daisyang1027@gmail.com

LARA O.ECA

MARIA ELIZABETH J. AMBA

Nilalayan ng pag-aaral na ito na matukoy at maunawaan ang naging pagbabagong-bihis ng mga Filipino slang na ginagamit ng mga GenZers ng Dipolog City. Ginamit sa pag-aaral na ito ang kwantitatibo at kwalitatibong pamamaraan na may deskriptibong desinyo upang mailarawan ang mga karaniwang ginagamit na Filipino slang at masuri ang naging pagbabagong-bihis ng mga ito ayon sa paggamit ng mga respondente. Napatunayan na ang mga salitang slang na ginamit ng mga GenZers ay patuloy na nagbabago--may ilang salitang nananatiling popular, may iba namang unti-unting naglalaho. Natuklasan din na ang ilang Filipino slang ay nagkaroon ng pagbabagong-bihis sa anyo at gamit sa paglipas ng panahon..Lumilikha ang mga GenZers ng sariling wika, gamit ang iba't ibang pamamaraan tulad ng pagbabaligtad, pagpapaikli, pagbabago ng ispeling, akronim, at pagpapalit ng salita sa salita. Ipinapakita ng pag-aaral na bagamat buhay at patuloy na nagbabago ang paggamit ng Filipino slang sa hanay ng mga GenZers sa Dipolog City, may ilang anyo nito na mas tinatangkilik kaysa sa iba. Ang mga salik tulad ng edad at kasarian ay may mahalagang papel sa pagbabagong-bihis ng wikang ginagamit ng kabataan sa kanilang pang-araw-araw na pakikipagkomunikasyon. Kaya naman, inirerekomenda na ipagpatuloy at higit pang palalimin ang pag-aaral sa mga salitang slang at ang kanilang ebolusyon upang mas maunawaan ang proseso ng kanilang pagbabago. Ang pagbuo ng isang diksyunaryo ng mga slang ng GenZers ay maaaring makatulong sa pagpapalawig ng kaalaman at pagpapadali ng ugnayan sa pagitan ng iba't ibang henerasyon. Bukod dito, mahalagang pag-aralan din ang epekto ng paggamit ng slang sa pasulat at pasalitang diskurso upang masuri ang impluwensya nito sa wika at komunikasyon.

Keywords: *GenZers, Slang, Bagong-bihis, Wika, Dipolognon*

I. INTRODUCTION

Karamihan sa mga GenZers ay gumagamit ng mga salitang slang sa pakikipag-usap sa impormal na komunikasyon. Ang paggamit ng mga salitang slang ay nagdudulot ng hadlang sa komunikasyon kapag ito ay ginamit sa mga mag-aaral na hindi GenZers at sa mga taong hindi napapabilang sa henerasyong Z. Kaya dapat pag-aralan ang mga salitang slang upang maiwasan ang mga hadlang sa komunikasyon at malaman ang kahulugan ng mga salitang slang na ginagamit ng mga GenZers. Ayon sa pag-aaral ni Cruz (2021), ang Generation Z ay madalas gumamit ng slang sa pakikipag-usap, lalo na sa social media at messaging apps. Ang mga salitang ito ay kadalasang nagmumula sa Ingles, pinaikling bersyon ng mga salita, o inobasyon mula sa pop culture. Napansin din sa pag-aaral na ito na ang paggamit ng slang ay nakakatulong sa pagpapahayag ng sariling identidad ng kabataan.

Pinatutuhanan ito sa pag-aaral nina Jeresano at Carretero (2022), na may mga sitwasyon kung saan ang mga mag-aaral ay gumagamit ng slang sa pakikipag-usap, na lumilikha ng hindi sinasadyang mga hadlang sa komunikasyon. Mayroon ding mga sitwasyon kung saan ginagamit ang mga salitang ito sa mga pormal na teksto na binabasa at tinatasa ng mga guro. Sa mga sitwasyong ito, kailangan ng guro ng tulong sa ganap na pag-unawa sa kahulugan ng mga salitang ito. Sinang-ayunan sa pag-aaral ni Tagle (2020), ang madalas na paggamit ng slang ay maaaring magdulot ng hindi pagkakaunawaan sa pagitan ng mga mag-aaral at guro. Maraming guro ang nahihirapang unawain ang mga slang na ginagamit ng mga estudyante sa kanilang pagsusulat, lalo na sa mga sanaysay at iba pang akademikong gawain.

Pinatutuhanan ito sa pag-aaral nina Jeresano at Carretero (2022), na may mga sitwasyon kung saan ang mga mag-aaral ay gumagamit ng slang sa pakikipag-usap, na lumilikha ng hindi sinasadyang mga hadlang sa komunikasyon. Mayroon ding mga sitwasyon kung saan ginagamit ang mga salitang ito sa mga pormal na teksto na binabasa at tinatasa ng mga guro. Sa mga sitwasyong ito, kailangan ng guro ng tulong sa ganap na pag-unawa sa kahulugan ng mga salitang ito. Sinang-ayunan sa pag-aaral ni Tagle (2020), ang madalas na paggamit ng slang ay maaaring magdulot ng hindi pagkakaunawaan sa pagitan ng mga mag-aaral at guro. Maraming guro ang nahihirapang unawain ang mga slang na ginagamit ng mga estudyante sa kanilang pagsusulat, lalo na sa mga sanaysay at iba pang akademikong gawain. Ang pag-aaral na ito ay maituturing na

napapanahon at angkop sapagkat malinaw na ang mga kabataan lalo na ang mga GenZers, ay karaniwang gumagamit ng bagong anyo ng wika sa kanilang pakikipagkomunikasyon. Gayunman, nakikita ring nagdudulot ito ng hamon para sa mga mag-aaral sa basic education dahil nahihirapan silang maunawaan ang pormal na gamit ng Filipino. Dahil dito, higit na dapat bigyang-diin ang kahalagahan ng ating wika bilang pangunahing daluyan ng komunikasyon at pagkakaisa. Dahil sa labis na paggamit ng slang, natatabunan ang wastong gamit ng Filipino. Bunga nito, nahihirapan ang mga kabataang nasa mas mababang antas ng edukasyon na maunawaan ang pormal na anyo ng kanilang sariling wika. Nagbibigay-diin ito na mahalagang gampanan ng mga guro at magulang ang paggabay sa tamang paggamit ng wika upang mapanatili ang kahusayan sa Filipino.

Literature Review

Batay sa artikulo ni Noval, A. (2020), na pinamagatang Pag-usbong ng balbal na pananalita bilang modernong wikang kabataan: Isang pagsusuri. Na isinumite sa International Journal of Research Studies in Education ang paglitaw ng mga salitang slang sa kasalukuyang henerasyon ay nauugnay sa sitwasyong pangwika na umiiral sa isang lipunan at kung paano ito tinanggap at ginamit ng mga taong nagsasalita ng salitang balbal.

Ayon sa artikulo nina Media, et.al (2018), na ang salitang "walwal" ay isang salita na pampalit sa salitang inom, kilala kahit na sa mga millennial na higit sa 20 taong gulang. Ang Biyernes ng gabi ay karaniwang walwalan night, isang sesyon pagkatapos ng trabaho na may kasamang mga party at alak. Siyempre, alam ito ng matatandang babae at lalaki bilang isang makaluma, hardcore na inumin. Ngunit ito ang milenyo, at ang post-Y2K scare ay masyadong cool para sa mga lumang salita. At ang salitang slang na "walwal" o ``walwalan" ay nabuo.

Pinatunayan ni Amir K. St. Azisah (2018) ang mga lalaki ay mas madalas na nagsasalita ng slang na wika kaysa sa babae sa kanilang pang-araw-araw na pag-uusap. Ito ay napatunayan sa 41 resulta ng pagkalkula ng mean score ng porsyento ng slang language paggamit ng lalaki at babae sa apat na beses ng pagmamasid. Ang data ay nagpakita na, ang ibig sabihin iskor ng porsyento ng lalaki sa paggamit ng wikang balbal ay 66.48 % habang ang babae ay 33.50 %. Sinuportahan ni Salma A. (2017) ilang karagdagan, ang mga natuklasan ay nagpapakita rin na ang

kasarian ay maaaring makaimpluwensya sa paggamit ng mga salitang balbal na nagpapahiwatig na ang mga lalaking tinedyer ay may posibilidad na gumamit ng mga salitang balbal kaysa sa mga babae.

Batay sa pag-aaral ni Victor E. (2025) Ang isang mahalagang salik sa paggamit ng wika ay ang edad dagdag pa ni Haryato S. (2023) Ang paggamit ng wika ng iba't ibang edad ay naiiba. Ilang partikular na grupo, lalo na ang Gen Z, ay gumagamit ng balbal bilang isang paraan ng impormal na komunikasyon sa intergroup na pakikipag-usap. Ang iba't ibang elemento ng panlipunan, kultura, teknolohiya, at impormasyon na mabilis na umuusbong sa kasalukuyang mundo ay nakakaapekto sa paggamit ng slang ng mga kabataan.

II. METHODOLOGY

Ginamit sa pag-aaral na ito ang kwantitatibo at kwalitatibong pamamaraan na may deskriptibong desinyo upang mailarawan ang mga karaniwang ginagamit na Filipino slang at masuri ang naging pagbabagong-bihis ng mga ito batay sa paggamit ng mga respondente sa Dipolog City. Ang mga respondente ay nagtala ng mga salitang slang na karaniwang ginagamit sa pakikipagtalastasan. Pagkatapos nakapangalap ng mga Filipino slang na karaniwang ginagamit ng mga GenZers ay gumamit ng palatanungan ang mananaliksik upang malaman at masukat kung gaano kadalas ginagamit ng mga GenZers ang mga Filipino slang. Upang malaman ng mga mananaliksik ang mga pagbababagong-bihis ng mga Filipino slang ay ginamit ang Focus Group Discussion (FGD). Ang nakalap na datos ay sinuri at tinala ng mananaliksik ang klasipikasyon na nakalap.

III. RESULTS AND DISCUSSION

Makikita sa talahanayan 2, ang demograpikong propayl ng mga respondente ayon sa edad. Karamihan sa mga respondente ay nasa edad 18-20 taong gulang na may frequency na 20 at may 55.56 na porsyento. Samantala, ang mga respondente na nasa edad 20-22 taong gulang ay

nakakuha ng frequency na 16 at may 44.44 na porsyento. Batay sa resulta ng talahanayan 2 kadalasang gumagamit ng mga Filipino slang ang mga GenZers na nasa 18-20 na taong gulang.

Batay sa pag-aaral ni Victor E. (2025), ang isang mahalagang salik sa paggamit ng wika ay ang edad dagdag pa ni Haryato S. (2023), ang paggamit ng wika ng iba't ibang edad ay naiiba. Ilang partikular na grupo, lalo na ang Gen Z, ay gumagamit ng balbal bilang isang paraan ng impormal na komunikasyon sa intergroup na pakikipag-usap. Ang iba't ibang elemento ng panlipunan, kultura, teknolohiya, at impormasyon na mabilis na umuusbong sa kasalukuyang mundo ay nakakaapekto sa paggamit ng slang ng mga kabataan. Ang Gen Z ay gumagamit ng mga social media platform ngayon bilang pangunahing mapagkukunan upang matuto at gumamit ng pinakabagong slang. Higit pa rito, ang mga nakababatang henerasyon ay madalas na gumagamit ng slang kapag nakikipag-usap.

Batay sa resulta, ang mga respondente na nasa edad na 18-20 taong gulang ay kadalasang gumagamit ng Filipino slang sa kanilang pagkikipagkomunikasyon. Ang paggamit ng mga salitang slang ay maaaring maiugnay sa kanilang edad at sa impluwensya ng kanilang mga kaibigan at ng social media. Mas madalas nilang ginagamit ang slang sa mga impormal na setting, tulad ng pakikipag-usap sa mga kaibigan at sa online.

TALAHANAYAN 2

PROPAYL NG MGA RESPONDENTE BATAY SA EDAD

Bracket ng Edad	Frequency	Porsyento
18-20	20	55.56%
20-22	16	44.44%
Kabuuan	36	100%

Makikita sa talahanayan 3 ang propayl ng mga respondente batay sa kasarian. Batay sa resulta ng pag-aaral, mapapansin na mas marami bilang ng mga respondenteng lalaki na may

frequency na 25 at porsyento na 69.44 na sinundan ng mga respondenteng babae na may frequency na 10 at porsyento na 27.78. Samantala, nakakuha naman ng pinakamababang frequency ang LGBTQ+ na may frequency na 1 at porsyento na 2.78. Batay sa talahanayan 3 ang mga lalaki ang kadalasang gumagamit ng mga Filipino slang sa pakikipagkomunikasyon.

Pinatunayan ni Amir K. St. Azisah (2018) ang mga lalaki ay mas madalas na nagsasalita ng slang na wika kaysa sa babae sa kanilang pang-araw-araw na pag-uusap. Ito ay napatunayan sa resulta ng pagkalkula ng mean score ng porsyento ng slang language paggamit ng lalaki at babae sa apat na beses ng pagmamasid. Ang data ay nagpakita na, ang ibig sabihin iskor ng porsyento ng lalaki sa paggamit ng wikang balbal ay 66.48 % habang ang babae ay 33.50 %. Sinuportahan ni Salma A. (2017) ilang karagdagan, ang mga natuklasan ay nagpapakita rin na ang kasarian ay maaaring makaimpluwensya sa paggamit ng mga salitang balbal na nagpapahiwatig na ang mga lalaking tinedyer ay may posibilidad na gumamit ng mga salitang balbal kaysa sa mga babae.

Batay sa resulta, ipinapakita na may mas mataas na porsyento ang mga lalaki sa paggamit ng mga salitang slang. Ang mga lalaki na walang trabaho, naglalaro ng mga online games, hindi nag-aaral o nakatambay ang kadalasang gumagamit ng mga Filipino slang sa pakikipagkomunikasyon. 2. Makikita sa talahanayan 3, na mas mataas ang bilang ng kalalakihan na gumagamit ng mga salitang slang kumpara sa mga kababaihan. Sa usapin naman ng edad, napag-alamang ang mga nasa pagitan ng 18–20 taong gulang ang mas madalas gumamit ng bagong bihis ng wika. Ipinapakita nito na ang kasarian at edad ay may mahalagang impluwensya sa pagkahilig at paggamit ng kabataan sa mga makabagong anyo ng Filipino.

TALAHANAYAN 3 PROPAYL NG MGA RESPONDENTE BATAY SA KASARIAN

Kasarian	Frequency	Porsyento
Babae	10	27.78%
Lalaki	25	69.44%
LGBTQ+	1	2.78%
Kabuuan	36	100%

TALAHANAYAN 4
DALAS NG PAGGAMIT NG SALITANG SLANG NG GENZER AT ANG NAGING
PAGBABAGONG-BIHIS NG MGA ITO AYON SA “PAGBABAGO NG ISPELING”

Orihinal na Salita	Salitang Slang	Pagbabagong-bihis ng salitang slang	Mean	Interpretasyon
tanga	shunga	tangeks	2.03	Minsang
ako	aq	aku	2.28	ginagamit
ano ba	enebe	-	2.03	Minsang ginagamit
bakla	beki	yots	1.92	Minsang ginagamit
ganon	ganern	-	2.22	Minsang ginagamit
hayun	ayown	-	1.97	Minsang ginagamit
kaya	keri	ayarn, yown	2.28	Minsang ginagamit
kumdre	mars	mare	1.86	Minsang ginagamit
mama	momshie	mader	2.31	Minsang ginagamit
Average Weighted Mean			2.10	Minsang ginagamit

Legend:

SCALE	-	CONTINUUM	-	DESCRIPTIVE EQUIVALENT
3	‘-	2.34 – 3.00	-	Kadalasang ginagamit
2	-	1.67 – 2.33	-	Minsang ginagamit
1	-	1.00 – 1.66	-	Hindi ginagamit

Makikita sa talahanayan 4 kung gaano kadalang ginagamit ng mga GenZers ang mga salitang slang ayon sa pagbabago ng ispeeling, ang kabuuang resulta ay 2.10 na Average Weighted Mean na may deskripsyon na minsang ginagamit ito ay nangangahulugan na ang mga nakalistang salitang slang sa talahanayan 4 ay minsang ginagamit ito ng mga GenZers sa pakikipagkomunikasyon. Samantala, nakakuha ng pinakamataas na mean/indicator ang salitang slang na “momshie” na may mean na 2.31 nangangalahulugang minsang ginagamit at ang

nakakuha ng pinakamababang mean/indicator ang salitang slang na “mars” 1.86 nangangahulugang minsang ginagamit.

Makikita din sa talahanayan, ang mga naging pagbabagong-bihis ng mga salitang slang ayon pagbabago ng ispelang. Ang salitang slang na “shunga” ay naging “tangeks”, ang aq naging “aku”, ang “beki” ay naging “yots”, ang “ayown” ay naging “ayarn at yown”, “mars naging “mare” at ang “momshie” naging “mader”.

Ang salitang slang na “shunga” ay mula sa orihinal na salita na “tanga”, ang pagbabagong-bihis ng “shunga” ay “tangeks” makikita sa naging pagbabagong-bihis ang pagpapalitan ng /a/ at /e/ at pagdaragdag ng /ks/ sa hulihan kay nabuo ang “tangeks”. Ang salitang slang na “aq” ay mula sa orihinal na salita na “ako” ang pagbabagong-bihis ng “aq” at “aku”. Makikita sa pagbabagong-bihis na “aku” ang pagpapalitan ng katinig na /a/ at /u/. Ang salitang slang na “beki” ay mula sa orihinal na salita na “bakla” ang naging pagbabagong-bihis ng “beki” ay “yots”. Ang bagong-bihis na slang ay mula sa salitang “bayot” na kung sa Filipino ay “bakla” na kinaltasan ang ba at dinagdagan ng /s/ sa hulihan kaya naging “yots”. Ang salitang slang na “ayown” ay mula sa orihinal na salita na “hayun” ang pagbabagong-bihis ng “ayown” ay “ayarn at yown”. Makikita sa pagbabagong-bihis ang pagpapalitan ng patinig na /a/ at /o/ at paniting na /w/ at /r/ na mula sa “ayown” ay naging “ayarn” Makikita din sa isa pang pagbabagong-bihis ang pagkaltas ng patinig na /a/ sa unahan at papalitan ng patinig /a/ at /o/ na mula sa “ayown” naging “yown” Ang salitang slang na “mars” ay mula sa orihinal na salita na “kumadre” ang pagbabagong-bihis ng “mars” ay “mare” na kung saan makikita sa bagong-bihis na “mare” ang pagdaragdag ng patinig na /e/ sa hulihan. Ang salitang slang na “momshie” ay mula sa orihinal na salita na “mama” ang pagbabagong-bihis ng “momshie” ay “mader” ang bagong-bihis na “mader” ay mula sa Ingles ng “mother”. Ayon sa pakikipanayam ng mga mananaliksik sa pamamagitan ng FDG sa mga respondente, may pagbabagong-bihis ng mga salitang slang sa pamamagitan ng impluwensiya ng social media at barkada. Ang mga salitang slang sa pagbabalitad ay minsang ginagamit sa kadahilang mas madali at mabilis itong i-type kaysa sa buong parirala.

Ang pag-aaral ay nagpapakita ng malaking impluwensiya ng social media at barkada sa pagbabago at pagkalat ng slang sa mga kabataan. Ang mga pagbabagong ito ay hindi lamang pagpapaikli o pagbabago ng spelling, kundi isang repleksiyon ng pagkamalikhain at pagnanais ng

mga kabataan para sa mas mabilis at impormal na komunikasyon. Ang paggamit ng slang ay nagiging isang mahalagang bahagi ng kanilang identidad at pakikisalamuha. Ang pag-aaral ay nagmumungkahi na ang patuloy na pag-usbong ng teknolohiya at social media ay magdudulot ng mas malaking pagbabago sa wika ng mga kabataan sa hinaharap. Ang pag-unawa sa mga pagbabagong ito ay mahalaga para sa mga edukador at mga taong nakikipag-ugnayan sa mga kabataan upang mas maunawaan ang kanilang kultura at paraan ng pakikipagkomunikasyon.

TALAHANAYAN 5

DALAS NG PAGGAMIT NG SALITANG SLANG NG GENZER AT ANG NAGING PAGBABAGONG-BIHIS NG MGA ITO AYON SA “PAGPAPAIKLI”

Orihinal na Salita	Salitang Slang	Pagbabagong-bihis ng salitang slang	Mean	Interpretasyon
wala na	lana	alaws,was,wana	2.44	Kadalasang ginagamit
amerikano	kano	-	2.28	Minsang ginagamit
automatic	matik	-	2.89	Kadalasang ginagamit
sige	ge	gora	2.72	Kadalasang ginagamit
okay	oks	-	2.58	Kadalasang ginagamit
walang epek	wa epek	way epek	2.58	Kadalasang ginagamit
best friend	besk	bestie	2.25	Minsang ginagamit
brother	bruh	brod	2.5	Minsang ginagamit
kumpadre	dre	pare	1.78	Minsang ginagamit
mapapel	epal	sipsip	2.17	Minsang ginagamit
medyo	mej	mejo	2.42	Kadalasang ginagamit
sige	geh	-	2.44	Kadalasang ginagamit
sister	sis	-	2.11	Minsang ginagamit
putang ina	taena	tangina	2.28	Minsang ginagamit
putakti	takte	-	1.78	Minsang ginagamit
punyeta	nyeta	punyemas, nyemas	2.03	Minsang ginagamit
Average Weighted Mean			2.31	Minsang ginagamit

Legend:

SCALE	-	CONTINUUM	-	DESCRIPTIVE EQUIVALENT
3	-	2.34 – 3.00	-	Kadalasang ginagamit
2	-	1.67 – 2.33	-	Minsang ginagamit
1	-	1.00 – 1.66	-	Hindi ginagamit

Makikita sa talahanayan 5 kung gaano kadalang ginagamit ng mga GenZers ang mga salitang slang ayon sa pagpapaikli, ang kabuuang resulta ay 2.31 na Average Weighted Mean na may

deskripsyon na minsang ginagamit ito ay nangangahulugan na ang mga nakalistang salitang slang sa talahanayan 5 ay minsang ginagamit ito ng mga GenZers sa pakikipagkomunikasyon. Samantala, nakakuha ng pinakamataas na mean/indicator ang salitang slang na “*matik*” na may mean na 2.89 nangangahulugang kadalasang ginagamit at ang parehong nakakuha ng pinakamababang mean/indicator ang salitang slang na “*dre at takte*” 1.78 nangangahulugang minsang ginagamit.

Natuklasan sa pag-aaral nina Gime at Macascas (2020) na may nakikitang pagpapaikling naganap sa salita. Mapapansin sa mga salitang besh, bro, dre, at sis na may isang pantig ang natitira sa pagpapaikli ng salita. Sa pagpapaikli ng mga salita ay mas mapapadali ang pagbigkas ng salita. Dagdag pa nina Gime at Macascas (2020) mula sa mga salitang slang na kanilang nalikom na besh, bro, bruh, dre mej, geh at sis na ang pagkaltas ng pantig ay nagaganap sa unahan at hulihan ng salita dahil dito mas nabibilis ang pagbigkas ng mga salita.

Makikita din sa talahanayan ang naging pagbabagong-bihis ng mga salitang slang ayon sa pagpapaikli. Ang salitang slang na “*lana*” naging “*alaws, was at wana*”, ang “*geh*” naging “*gora*”, ang *wa* epek naging “*way epek*”, ang besh naging “*bestie*”, ang bruh naging “*brod*”, ang “*dre*” naging “*pare*”, ang epal ay naging “*sipsip*”, ang mej ay naging “*mejo*”, ang “*taena*” ay naging “*tangina*” at ang “*nyeta*” ay naging “*punyemas o nyemas*”.

Ang salitang slang na “*lana*” ay mula sa orihinal na salita na “*wala na*” ang pagbabagong-bihis ng “*lana*” ay “*alaws, was at wana*”. Ang bagong-bihis na “*alaws*” ay pagbabaliklad ng *wala* at pagdaragdag ng katinig na /s/ sa hulihan. Ang bagong-bihis na “*was*” ay pagpapaikli ng “*wala na*” na kinaltasan ng “*la na*” at dinagdagan ng katinig na /s/ at ang pagbabagong-bihis na “*wana*” ay pagpapaikli ng “*wala na*” makikita ang pagkaltas ng pantig sa gitna ng salita. Aang salitang slang na “*geh*” ay mula sa orihinal na salita na “*sige*” ang pagbabagong-bihis ng “*geh*” ay “*gora*” na makikita ang pagbabago ng ispeleng. Ang salitang slang na “*wa epek*” ay mula sa orihinal na salita na “*walang epek*” ang bahong-bihis ng “*wa epek*” ay “*way epek*”. Makikita sa pagbabagong-bihis ang pagdaragdag ng katinig na /y/ na unang pantig na “*wa*” kaya naging “*way*” nangangahulugan “*wala*” sa dialekto ng Cebuano. Ang salitang slang na “*besh*” ay mula sa orihinal na salita na “*best friend*” ang pagbabagong-bihis ng “*besh*” ay “*bestie*” makikita na pinalitan ang katinig na /h/ ng salitang /tie/ sa hulihan ng pantig. Ang salitang slang na “*bruh*” ay mula sa orihinal

na salita na “brother” ang pagbabagong-bihis na naganap sa “bruh” ay “brod” makikita sa pagbabagong-bihis ng salitang slang na pinalitan ang patinig na /u/ sa /o/ at katinig na /h/ at /d/. Ang salitang slang na “dre” ay mula sa orihinal na salita na “kumpadre” ang pagbabagong-bihis ng “dre” ay “pare”. Makikita sa pagbabagong-bihis na “pare” na pagpapaikli ng orihinal na salita na “kumpadre” na kinaltasan ang unahang pantig ng salita at katinig na /d/ kaya naging “pare”. Ang salitang slang na “epal” ay mula sa orihinal na salita na “mapapel” ang pagbabagong-bihis ng “epal” ay “sipsip” na may pagpapalit ng salita sa salita na naganap sa pagbabagong-bihis ng salitang slang. Ang salitang slang “mej” ay mula sa orihinal na salita na “medyo” ang pagbabagong-bihis sa salitang slang ay “mejo” makikita ang pagdaragdag ng patinig na /o/ sa bagong-bihis na salitang slang. Ang salitang slang na “taena” ay mula sa orihinal na salita na “putang ina” na may pagbabagong-bihis na “tangina” makikita sa bagong-bihis ang pagpapaikli ng orihinal na salita na “putang ina” na kinaltasan ng unang pantig kaya naging “tangina”. Ang salitang slang na “nyeta” ay mula sa orihinal na salita na “punyeta” ang pagbabagong-bihis ng salitang slang ay “nyemas at punyemas” makikita sa pagbabagong-bihis ang pagpapalit ng salita sa huling pantig na salita na mula sa “ta” na naging “mas”. Ayon sa pakikipanayam ng mga mananaliksik sa pamamagitan ng FDG sa mga respondente, may pagbabagong-bihis ng mga salitang slang sa pamamagitan ng impluwensiya ng social media at barkada. Ang mga salitang slang sa pagpapaikli ay minsang ginagamit sa kadahilang mas madali itong gamitin at mabilis itong i-type kaysa sa buong salita.

Ang mga implikasyong ito ay nagpapahiwatig na ang pag-aaral ng slang ay mahalaga sa pag-unawa sa pagbabago ng wika at kultura ng mga kabataan. Ang patuloy na pag-aaral at pananaliksik sa larangang ito ay makakatulong sa pagpapabuti ng komunikasyon at pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga henerasyon. Ang pag-unawa sa mga salik na nakakaimpluwensiya sa paggamit ng slang, gaya ng social media at impluwensiya ng mga kaibigan, ay mahalaga para sa mga edukador at iba pang mga nasa hustong gulang na nakikipag-ugnayan sa mga kabataan. Ang pag-angkop sa paggamit ng slang ay makakatulong sa pagbuo ng mas epektibong komunikasyon at mas malalim na pag-unawa sa kultura ng mga kabataan.

TALAHANAYAN 6
DALAS NG PAGGAMIT NG SALITANG SLANG NG GENZER AT ANG NAGING
PAGBABAGONG- BIHIS NG MGA ITO AYON SA “PAGBABALIKTAD”

Orihinal na Salita	Salitang Slang	Pagbabagong-bihis ng salitang slang	Mean	Interpretasyon
malupit	petmalu	-	2.03	Minsang ginagamit
tigas	astig	-	2.25	Minsang ginagamit
mayor	yorme	-	1.92	Minsang ginagamit
idol	lodi	lods	1.78	Minsang ginagamit
power	werpa	-	1.89	Minsang ginagamit
ligo	goli	-	1.97	Minsang ginagamit
panget	ngetpa	-	1.81	Minsang ginagamit
akay	yaka	-	1.53	Hindi ginagamit
bata	atab	atabs	2.14	Minsang ginagamit
. gilid	gedli	-	1.97	Minsang ginagamit
. bro	orb	-	1.86	Minsang ginagamit
. mismo	omsim	-	2.31	Minsang ginagamit
. pre	erp	-	2.11	Minsang ginagamit
. pogi	igop	-	2.44	Kadalasang
. salamat	matsala	-	2.33	ginagamit
. yosi	isoy	-	1.61	Minsang ginagamit
. sige	gesi	-	1.97	Minsang ginagamit
. tara	arat	-	2.64	Minsang ginagamit
. wala	alaws	-	2.53	Kadalasang
. lets go	go lets	arat	2.0	ginagamit
Average Weighted Mean			2.18	Kadalasang ginagamit
				Kadalasang ginagamit
				Minsang ginagamit

Legend:

SCALE	-	CONTINUUM	-	DESCRIPTIVE EQUIVALENT
3	‘-	2.34 – 3.00	-	Kadalasang ginagamit
2	-	1.67 – 2.33	-	Minsang ginagamit
1	-	1.00 – 1.66	-	Hindi ginagamit

Makikita sa talahanayan 6 kung gaano kadalas ginagamit ng mga GenZers ang mga salitang slang ayon sa pagbabaliklad, ang kabuuang resulta ay 2.18 na Average Weighted Mean na may deskripsyon na minsang ginagamit ito ay nangangahulugan na ang mga nakalistang salitang slang sa talahanayan 6 ay minsang ginagamit ito ng mga GenZers sa pakikipagkomunikasyon. Samantala, nakakuha ng pinakamataas na mean/indicator ang salitang slang na “arat” na may mean na 2.64 nangangahulugang kadalasang ginagamit at ang nakakuha ng pinakamababang mean/indicator ang salitang slang na “isoy” 1.61 nangangahulugang minsang ginagamit.

Makikita din sa talahanayan ang mga naging pagbabagong-bihis ng mga salitang slang ayon pagbabaliklad. Ang salitang slang “lodi” na naging “lods”, ang “atab” na naging “atabs”, ang “go lets” ay naging “arat”.

Ang salitang slang na “lodi” ay mula sa orihinal na salita na “ilod” ang pagbabagong-bihis ng “lodi” ay “lods” makikita na pinalikitan ng patinig na /i/ ang katinig na /s/ na naganap sa pagbabagong-bihis ng salitang slang. Ang salitang slang na “atab” ay mula sa orihinal na salita na “bata” ang pagbabagong-bihis ng “atab” ay “atabs” makikita sa pagbabagong-bihis ang pagdaragdag ng katinig na /s/ sa hulihan ng salita. Ang salitang slang na “go lets” ay mula sa orihinal na “lets go” ang pagbabagong-bihis ng “go lets” ay “arat”. Ang bagong-bihis na “arat” mula pagpapaliklad ng orihinal na salita na “tara” na kung isalin sa Ingles ay “lets go”. Ayon sa pakikipanayam ng mga mananaliksik sa pamamagitan ng FDG sa mga respondente, may pagbabagong-bihis ng mga salitang slang sa pamamagitan ng impluwensiya ng social media at barkada. Ang mga salitang slang sa pagbabaliklad ay minsang ginagamit upang itago ang totoong kahulugan ng salita.

Ito ay nagpapahiwatig na ang pag-aaral ng slang ay mahalaga sa pag-unawa sa pagbabago ng wika at kultura ng mga kabataan. Ang patuloy na pag-aaral at pananaliksik sa larangang ito ay makakatulong sa pagpapabuti ng komunikasyon at pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga henerasyon. Ang pag-unawa sa mga salik na nakakaimpluwensiya sa paggamit ng slang, gaya ng social media at impluwensiya ng mga kaibigan, ay mahalaga para sa mga edukador at iba pang mga nasa hustong gulang na nakikipag-ugnayan sa mga kabataan. Ang pag-angkop sa paggamit ng slang ay makakatulong sa pagbuo ng mas epektibong komunikasyon at mas malalim na pag-unawa sa kultura ng mga kabataan. Ang paggamit ng slang ay isang dinamikong proseso na

patuloy na umuunlad at nagbabago ayon sa mga uso at impluwensiya ng social media at mga kaibigan.

TALAHANAYAN 7
DALAS NG PAGGAMIT NG SALITANG SLANG NG GENZER AT ANG NAGING
PAGBABAGONG-BIHIS NG MGA ITO AYON SA “AKRONIM”

Orihinal na Salita	Salitang Slang	Pagbabagong-bihis ng salitang slang	Mean	Interpretasyon
Good vibes	GV	-	1.81	Minsang ginagamit
Good game	GG	-	2.42	Kadalasang ginagamit
Kulang sa pansin	KSP	-	2.47	Kadalasang ginagamit
At the moment	ATM	-	2.44	Kadalasang ginagamit
By the way	BTW	-	2.69	Kadalasang ginagamit
Kill joy	KJ	-	2.28	Minsang ginagamit
Laugh out loud	LOL	-	2.5	Minsang ginagamit
Nevermind	NVM	-	2.56	Kadalasang ginagamit
Outfit of the day	OOTD	-	2.14	Minsang ginagamit
. To be honest	TBH	-	2.58	Kadalasang ginagamit
. What the fuck	WTF	-	2.5	Minsang ginagamit
Average Weighted Mean			2.39	Kadalasang ginagamit

Legend:				
SCALE	-	CONTINUUM	-	DESCRIPTIVE
EQUIVALENT				
3	-	2.34 – 3.00	-	Kadalasang ginagamit
2	-	1.67 – 2.33	-	Minsang ginagamit
1	-	1.00 – 1.66	-	Hindi ginagamit

Makikita sa Talahanayan 7 kung gaano kadalang ginagamit ng mga GenZers ang mga salitang slang ayon sa akronim, ang kabuuang resulta ay 2.39 na Average Weighted Mean na may deskripsyon na kadalasang ginagamit. Ito ay nangangahulugan na ang mga nakalistang salitang slang sa talahayan ay kadalasang ginagamit ito ng mga GenZers sa pakikipagkomunikasyon. Samantala, nakakuha ng pinakamataas na mean/indicator ang salitang slang na "BTW" na may mean na 2.69 nangangahulugang minsang ginagamit at ang nakakuha ng pinakamababang

mean/indicator ang salitang slang na "GV" na may mean na 1.81 nangangahulugang minsang ginagamit.

Makikita din sa talahayan na ang mga pagbabagong-bihis ng mga salitang slang ayon sa akronim. Ang salitang slang na "ATM" ay mula sa orihinal na salita na "At The Moment", "KJ" na mula sa orihinal na salita na "Kill Joy", kung saan kinuha ang mga unang titik sa salita at pinagsama. Ang "NVM" na mula sa orihinal na salita na "Nevermind" ay pinili lamang ang titik na "NVM". Ayon sa pakikipanayam ng mga mananaliksik sa pamamagitan ng FDG sa mga respondente, may pagbabagong-bihis ng mga salitang slang sa pamamagitan ng impluwensiya ng social media at barkada. Ang mga salitang slang sa akronim ay kadalasang ginagamit sa kadahilang mas madali at mabilis itong i-type kaysa sa buong parirala.

Nangangahulugan ito na ang pag-aaral ng mga acronym ay mahalaga sa pag-unawa sa pagbabago ng wika at kultura ng mga kabataan. Ang patuloy na pag-aaral at pananaliksik sa larangang ito ay makakatulong sa pagpapabuti ng komunikasyon at pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga henerasyon. Ang pag-unawa sa mga salik na nakakaimpluwensiya sa paggamit ng mga acronym, gaya ng social media at impluwensiya ng mga kaibigan, ay mahalaga para sa mga edukador at iba pang mga nasa hustong gulang na nakikipag-ugnayan sa mga kabataan. Ang pag-angkop sa paggamit ng mga acronym ay makakatulong sa pagbuo ng mas epektibong komunikasyon at mas malalim na pag-unawa sa kultura ng mga kabataan. Ang paggamit ng mga acronym ay isang patunay ng pagiging dynamic at adaptasyon ng wika ng mga kabataan sa patuloy na pagbabago ng teknolohiya at kultura.

TALAHANAYAN 8
DALAS NG PAGGAMIT NG SALITANG SLANG NG GENZER AT ANG NAGING
PAGBABAGONG-BIHIS NG MGA ITO AYON SA “PAGPAPALIT NG SALITA SA
SALITA”

Orihinal na Salita	Salitang Slang	Pagbabagong-bihis ng salitang slang	Mean	Interpretasyon
people	pipol	peoplelabolable, peeps	2.33	Minsang ginagamit
sino ito	sinetch etey	-	2.11	Minsang ginagamit
tumpak	swak	-	1.94	Minsang ginagamit
kaya	keribels	-	2.06	Minsang ginagamit
face	fes	peys, feslak facesablelable	1.94	Minsang ginagamit
lowbat	lobat	-	2.33	Minsang ginagamit
mahangin	toyo	malivog	2.03	Minsang ginagamit
marumi	green	-	1.86	Minsang ginagamit
namamangha	nganga	pimpols	1.94	Minsang ginagamit
. tigyawat	tigidig	bano	1.58	Hindi ginagamit
. butas	bangag	uttaspog	2.17	Minsang ginagamit
. pogi	papi	-	1.92	Minsang ginagamit
. inom	walwal		2.33	Minsang ginagamit
Average Weighted Mean			2.04	Minsang ginagamit

Legend:

SCALE	-	CONTINUUM	-	DESCRIPTIVE
EQUIVALENT				
3	-	2.34 – 3.00	-	Kadalasang ginagamit
2	-	1.67 – 2.33	-	Minsang ginagamit
1	-	1.00 – 1.66	-	Hindi ginagamit

Makikita sa Talahanayan 8 kung gaano kadalas ginagamit ng mga GenZers ang mga salitang slang ayon sa pagpapalit ng salita sa salita, ang kabuuang resulta ay 2.04 na Average Weighted Mean na may deskripsyon na minsang ginagamit. Ito ay nangangahulugan na ang mga nakalistang salitang slang sa talahayan ay minsang ginagamit ito ng mga GenZers sa pakikipagkomunikasyon. Samantala, nakakuha ng pinakamataas na mean/indicator ang salitang slang na "pipol", "lowbat", at "walwal na parehong may mean na 2.33 nangangahulugang minsang ginagamit at ang nakakuha ng pinakamababang mean/indicator ang salitang slang na "tigidig" na may mean na 1.56 nangangahulugang hindi ginagamit.

Makikita din sa Talahayan na ang mga pagbabagong-bihis ng mga salitang slang ayon sa pagpapalit ng salita sa salita. Ang salitang slang na "pipol" na mula sa orihinal a salita na "people" ay naging "peoplelabolable" at "peeps", "fes" na mula sa orihinal na salita na "face" ay naging "peys", "feslak" at "facesablelable", "green" na mula sa orihinal na salita na "malibog" ay naging "malivog" pinalitan lamang ang katinig na b ng v, "tigidig" na mula sa orihinal na salita na "tigyawat" ay naging "pimpols", "bangag" na mula sa orihinal na salita na "butas" ay naging "bano", at "papi" na mula sa orihinal na salita na "pogi" ay naging "uttaspog". Ayon sa pakikipanayam ng mga mananaliksik sa pamamagitan ng FDG sa mga respondente, may pagbabagong-bihis ng mga salitang slang sa pamamagitan ng impluwensiya ng social media at barkada. Ang mga salitang slang sa pagpapalit ng salita sa salita ay minsang ginagamit sa kadahilang may mga pagbabagong-bihis sa mga salitang slang.

Nangangahulugan lamang ito na ang pag-aaral ng slang ay mahalaga sa pag-unawa sa pagbabago ng wika at kultura ng mga kabataan. Ang patuloy na pag-aaral at pananaliksik sa larangang ito ay makakatulong sa pagpapabuti ng komunikasyon at pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga henerasyon. Ang pag-unawa sa mga salik na nakakaimpluwensiya sa paggamit ng slang, gaya ng social media at impluwensiya ng mga kaibigan, ay mahalaga para sa mga edukador at iba pang mga nasa hustong gulang na nakikipag-ugnayan sa mga kabataan. Ang pag-angkop sa paggamit ng slang ay makakatulong sa pagbuo ng mas epektibong komunikasyon at mas malalim na pag-unawa sa kultura ng mga kabataan. Ang paggamit ng slang ay isang dinamikong proseso na patuloy na umuunlad at nagbabago ayon sa mga uso at impluwensiya ng social media at mga kaibigan. Ang pag-aaral ng mga pagbabagong ito ay makakatulong sa mas malalim na pag-unawa sa ebolusyon ng wika at ang pagiging malikhaing ng mga kabataan sa paggamit nito.

TALAHANAYAN 9
DALAS NG PAGGAMIT NG SALITANG SLANG NG GENZER AT ANG NAGING
PAGBABAGONG-BIHIS NG MGA ITO AYON SA “PANGALAN NG TAO O
POLITIKA”

Orihinal na Salita	Salitang Slang	Pagbabagong-bihis ng Salitang slang	Mean	Interpretasyon
karma	Carmi	-	1.61	Hindi ginagamit
haggard	Martin	-	1.78	Minsang ginagamit
talunan	Gardo	-	1.22	Hindi ginagamit
jumper/nagnanakaw ng kuryente	Versoza	-	1.58	Hindi ginagamit
gutom	Luz Valdez	-	1.89	Minsang ginagamit
tagapagtanggol ni Pangulong Duterte	Spiderman	-	1.64	Hindi ginagamit
	Tom Jones	-		
	Dutertards			
Average Weighted Mean			1.62	Hindi ginagamit

Legend:

SCALE	-	CONTINUUM	-	DESCRIPTIVE EQUIVALENT
3	-	2.34 – 3.00	-	Kadalasang ginagamit
2	-	1.67 – 2.33	-	Minsang ginagamit
1	-	1.00 – 1.66	-	Hindi ginagamit

Makikita sa Talahanayan 9 kung gaano kadalas ginagamit ng mga GenZers ang mga salitang slang ayon sa pag-uugnay sa pangalan ng tao o politika, ang kabuuang resulta ay 1.62 na Average Weighted Mean na may deskripsyon na hindi ginagamit. Ito ay nangangahulugan na ang mga nakalistang salitang slang sa Talahayan 9 ay hindi ginagamit ito ng mga GenZers sa pakikipagkomunikasyon. Samantala, nakakuha ng pinakamataas na mean/indicator ang salitang slang na "Tom Jones" ibig sabihin ay "gutom" na may mean na 1.89 nangangahulugang minsang ginagamit at ang nakakuha ng pinakamababang mean/indicator ang salitang slang na "Luz Valdez" ibig sabihin ay "talunan" na may mean na 1.22 nangangahulugang hindi ginagamit.

Makikita din sa talahayan na ang mga pagbabagong-bihis ng mga salitang slang ayon sa pangalan ng tao o politika. Ayon sa pakikipanayam ng mga mananaliksik sa pamamagitan ng FDG sa mga respondente, walang pagbabago-bihis ang mga salitang slang sa kadahilang hindi pa natuklasan ng mga GenZers ang mga bagong-bihis ng mga salitang slang.

Ang paggamit ng mga pangalan ng tao o politika bilang salitang slang ay isang limitadong aspeto ng salitang slang ng mga GenZers. Ang paggamit nito ay depende sa konteksto, at maaaring may negatibong konotasyon. Ang pag-unawa sa kontekstong ito ay mahalaga para sa mas mabisang komunikasyon at pag-unawa sa wika ng mga GenZers. Ang pag-aaral na ito ay nagbibigay ng pananaw sa kung paano ginagamit ng mga GenZers ang wika upang maipahayag ang kanilang mga pananaw at saloobin sa pakikipagkomunikasyon. Ang paggamit ng salitang slang ay isang dinamikong proseso na patuloy na umuunlad at nagbabago ayon sa mga uso at impluwensiya ng social media at mga kaibigan.

IV. CONCLUSION

Batay sa mga natuklasan, malinaw na may malaking epekto ang edad, kasarian, social media, at impluwensiya ng mga kaibigan sa paggamit ng slang ng mga GenZers. Ayon sa datos, ang mga nasa edad 18-20 taon, partikular na ang mga kalalakihan, ang mas madalas gumamit ng salitang slang. Ang paggamit ng ganitong uri ng wika ay patuloy na nagbabago at umuunlad kasabay ng mga uso at teknolohikal na pagbabago. Ang mga salitang slang ay nagkakaroon ng iba't ibang anyo sa pamamagitan ng pagbabago ng ispelang, pagpapaikli, pagbabaliklad ng salita, paggamit ng akronim, at pagpapalit ng mga salita. Ipinakita ng pag-aaral kung paano ginagamit ng mga kabataan ang slang bilang isang mahalagang bahagi ng kanilang impormal na komunikasyon. Ang mas malalim na pag-unawa sa ebolusyon ng salitang slang ay makakatulong sa mas epektibong pakikipag-ugnayan sa pagitan ng iba't ibang henerasyon. Batay sa resulta, may makabuluhang pagkakaiba ang paggamit ng bagong bihis ng wika batay sa edad at kasarian ng mga respondente. Mas nakikitang mas aktibo rito ang mga kalalakihan at nakababatang kabataan. Patunay ito na ang wika ay patuloy na nagbabago hindi lamang dahil sa lipunan at teknolohiya kundi maging dahil sa mga personal na salik gaya ng kasarian at gulang.

REFERENCES

- [1.] Gime, A., & Macascas, C. (2020). WikaGenZ: Bagong anyo ng Filipino slang sa Pilipinas. Mula sa: https://www.researchgate.net/publication/342849144_WikaGenZ_bagong_ano_ng_Filipino_slang
- [2.] Lopez et al. (2024). Pagsusuri sa Epekto ng Paglaganap ng Wikang Balbal ng mga Piling Magaaral. Mula sa: <https://www.collegesidekick.com/study-docs/2489800>
- [3.] Malaque, M. (2023). Pagbubuo ng glosaryo sa mga salitang genz sa socmed: Tugon sa Ilaborasyon ng wikang Filipino. Mula sa: https://www.researchgate.net/publication/371883041_Pagbubuo_ng_Glosaryo_sa_mga_Salitang_GenZ_sa_SocMed_Tugon_sa_Elaborasyon_ng_Wikang_Filipino
- [4.] Maringal, M. L., et.al (2021). Glosaryo batay sa ponema at morpemang anyo ng salitang tadbaliks na nasa facebook. The Normal Lights, 15(1). Mula sa: <https://doi.org/10.56278/tnl.v15i1.1742>
- [5.] Media, B., & Delfin, D. C. (2018). The millenial walwal. Mula sa: <https://www.pressreader.com/philippines/the-mindanao-examiner-regionalnewspaper/20180615/281578061374187>
- [6.] Noval, A. (2021). Pag-usbong ng balbal na pananalita bilang modernong wika ng kabataan: Isang pagsusuri. International Journal of Research Studies in Education, 10, 1-12. Mula sa: <https://doi.org/10.5861/ijrse.2020.5069>
- [7.] Velasquez, A. J. (2024). Semantikong histo-sikolohikal na pag-aaral: Piling balbal na salita ng mga batang Gen-Z sa General Malvar St., Siyudad Davao. Mula sa: https://www.researchgate.net/publication/378337980_Semantikong_HistoSikolohikal_na_Pag-aaral_Piling_Balbal_na_Salita_ng_mga_Batang_GenZ_sa_General_Malvar_St_Siyudad_Davao
-